

Aralin 10 – Integridad 1

Kamakailan, ako ay nagbigay ng seminar sa DPWH patungkol sa integridad. Nang magtanong ako kung ano ang pagkakaunawa nila sa salitang *integridad*, isang employada ang sumagot sa pamamagitan ng isang kwento. Sabi niya...

“Isang mag-ama ang umuwi ng bahay mula sa miting sa opis ng prinsipal. Ang bata ay isinumbong ng prinsipal sa kanyang ama sa pagkuha nito ng walang paalam ng mga bond papers na pag-aari ng kanyang kaeskwela. Galit na galit ang ama sa kahihiyang sinapit. Kinagalitan niya ang anak at sinabi, ‘Bakit ka nagnakaw ng bond papers? Di mo ba alam na masama yun? Sana’y nagsabi ka na lang na kailangan mo ng bond papers. Andami namin nun sa opisina!’”

Ano ba ang integridad? Kadalasan ang sagot sa tanong na ito ay, katapatan, nagbabayad o naniningil ng sapat, naninindigan sa katuwiran, o mga iba pang bunga ng integridad. Sa diksyonaryo ipinaliwanag ang kahulugan ng integridad bilang *“estado ng tao na kung saan siya ay buo, iisa o kompleto ang kanyang pagkatao”*. Ibig sabihin, siya ay totoo at hindi plastik. Kung ano ang kanyang sinasabi ay yun ang kanyang ginagawa. Kung ano siya sa publiko, ganoon din siya sa lugar na walang nakakakita. Ang mabubuting sinasabi ng mga tao patungkol sa kanya ay ganoon din ang sinasabi ng kanyang mga kasambahay. Siya ay iisang tao maging saan man siya, at maging anong sitwasyon man siya naroroon. Siya ay bukas na aklat; walang tinatago; walang kinatatakotan.

May ilang tao na ang tingin sa integridad ay listahan ng bawal gawin at dapat gawin. Ngunit ang integridad ay higit kaysa listahan. Ang integridad ay isang pagkatao. Ito ay kung sino kang talaga. At kung sino ka, iyon ang iyong gagawin. Pinag-iisa nito ang iyong sinasabi at ginagawa. Ang taong walang integridad ay magkaiba ang kanilang sinasabi sa kanilang ginagawa, lalo na kung walang nakakakita.

Bakit mahalaga ang integridad? Maraming dahilan kung bakit kinakailangan natin ng integridad.

Una, ito ay nagbibigay respeto sa ating sarili. At kung may respeto ka sa iyong sarili ang konsensya mo ay malinis. At kung malinins ang iyong konsensya, makakatulog ka ng mahimbing.

Pangalawa, ikaw ay bibigyan ng respeto at pagkakatiwalaan ng mga tao kung ikaw ay may integridad. Ang isang lider ay mahihirapang mamuno kung ang mga taong kanyang pinamumunuan ay di nagtitiwala sa kanya at di maibigay ang respeto na kinakailangan niya. Ang tiwala at respeto na kinakailangan ng isang pinuno ay kanya lang makukuha kung siya ay patuloy na lalakad na may integridad.

Pangatlo, ang taong may integridad ay madaling makaimpluwensya. Hindi niya kinakailangan ng titulo o kapangyarihan upang mamuno. Ang mga tao ay sumusunod sa pinunong mapagkakatiwalaan. Ilang makapangyarihang lider na rin, hindi lang sa Pilipinas, ang napaalis sa kapangyarihan ng mga taong kanilang sinasakupan dahil sa kakulangan ng tiwala. Kabaligtaran nito ang taong may integridad. Tulad halimbawa si Mother Teresa. Isang napakaliit at matandang babae na nagmiministryo sa isang maliit na bayan. Walang makapangyarihang posisyon, walang *private armies*, walang malaking kayamanan, ngunit may integridad. Kung kaya’t mga hari, reyna, presidente, mga sikat at ordinaryong tao, lahat ay kanyang naiimpluwensyahan.

O di ba, kay gandang namumuhay na may integridad? Kaya nga't sinabi ng Biblia, "*Ang pagtatapat (integridad) ng mga matuwid ay papatnubay sa kanila: nguni't ang mga kasuwailan ng mga taksil ay papatay sa kanila*" (Kawikaan 11:3 TAB).

Pagbulay-bulayan at Gawin

1. Masasabi mo bang ikaw ay isang taong totoo, walang bahid ng pagkukunwari? Bakit?
2. Sa anong sitwasyon ka nahihirapang hindi ikompormiso ang iyong integridad?
3. Bakit kailangan ng ating bayan ang mga lider na may integridad?
4. Bakit kailangan ng ating bayan ang mga mamamayan na may integridad?